R02-2025-03-28-024

DILG R2-RECORDS SECTION
RELEASED
BY:
DATE: 03-28-2025
TIME: 02:58 PM

Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL**
**IKALAWANG REHIYON**
*Sentro ng Pamahalaang Panrehiyon, Carig Sur, Lungsod ng Tuguegarao, Cagayan*
http://region2.dilg.gov.ph

# ANNOUNCEMENT

(Ika-27 ng Marso, 2025)

Ang Panrehiyong Tanggapan ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ay nangangailangan ng tauhan sa ilalim ng ***Contract of Service*** na may sumusunod na lokasyon, kwalipikasyon at mga responsibilidad:

- **Isang (1) *ADMINISTRATIVE AIDE III (Driver)***
  **₱ 14,125.00 kada buwan mula Abril hanggang Hunyo 2025**

  **Lokasyon: Panlalawigang Tanggapan ng Nueva Vizcaya**

  **Mga Kwalipikasyon at Kasanayan:**

  - Nagtapos ng *High School* o Kursong Bokasyunal na may kaugnayan sa posisyon;
  - May balidong lisensya bilang driver;
  - May dalawang (2) taong karanasan sa pagmamaneho;
  - May mabuting moral na karakter at tamang pag-uugali sa trabaho; at
  - Mas mainam kung may *TESDA Driving Certificate.*

  **Mga Responsibilidad o Gawain:**

  - Magsisilbing *Driver* na nakatalaga sa Panlalawigang Tanggapan;
  - Magsasagawa ng *pre* at *post travel inspection* tulad ng, ngunit hindi limitado sa, preno, ilaw, langis, tubig, baterya, hangin, gasolina, makina, at serbisyo ng gulong upang matiyak na laging nasa kondisyon ang itinalagang sasakyan;
  - Maghanda o kumpletuhin ang mga kinakailangang dokumento bago umalis mula sa opisyal na istasyon;
  - Ihanda at panatilihin ang kalinisan ng itinalagang sasakyan pagkatapos makarating sa destinasyon upang maging handa para sa susunod na paggamit;
  - Maghanda ng *After-Travel Report* ukol sa kondisyon ng sasakyan pagdating sa Panlalawignag Tanggapan at ipasa ito sa Hepe ng *Administrative Section* sa pamamagitan ng Hepe ng *General Services Section*;
  - Magdala ng mga pasahero nang may lubos na pag-iingat at pagmamasid, gamit ang pinakamataas na lebel ng pag-iingat katulad ng isang maingat na tao, at may wastong konsiderasyon sa lahat ng kalagayan; at

- Magsagawa ng iba pang mga gawain na maaaring ipag-utos ng Panlalawigang Tanggapan o ng superbisor.

Ang mga interesadong aplikante ay dapat ilahad sa kanilang liham ng aplikasyon ang partikular na posisyon at lokasyon na kanilang inaaplayan at mag-*apply* sa pamamagitan ng *link*: https://bit.ly/4l0xtrX o i-*scan* ang *QR Code* bago ang **ika-6 ng Abril, 2025**:

1. Liham ng Aplikasyon na naka-address kay **Panrehiyong Patnugot Agnes A. De Leon, CESO IV**;
2. Kumpleto at nanotaryohang *Personal Data Sheet* na may litrato na *passport size* na may pangalan at lagda at may nakalakip na *Work Experience Sheet;*
3. Kopya ng lisensya bilang *driver*;
4. Katibayan ng karanasan sa pagmamaneho; at
5. Diploma.

**PAKATANDAAN NA TANGING ANG MGA APLIKASYON NA MAY KUMPLETONG DOKUMENTO ISINUMITE ONLINE ANG TATANGGAPIN DAHIL SA AMING *E-RECRUITMENT* NA PROSESO**

(sgd.)
**IVE B. SALUDEZ**
Hepe ng Dibisyon ng Pananalapi at Pampangasiwaan

Naitala ni:

(sgd.)
**AGNES A. DE LEON, CESO IV**
Panrehiyong Patnugot

FAD/PHRMS/IBS/GTM/MCD/nar
RO2-FAD-2025-03-27-005

# WE ARE HIRING

## ISANG (1) *ADMINISTRATIVE AIDE III (DRIVER)*
## *(CONTRACT OF SERVICE)*

**LOKASYON: PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG NUEVA VIZCAYA**

**KWALIPIKASYON AT KASANAYAN:**

- Nagtapos ng *High School* o Kursong Bokasyunal na may kaugnayan sa posisyon;
- May balidong lisensya bilang *driver*;
- May dalawang (2 ) taong karanasan sa pagmamaneho;
- May mabuting moral na karakter at tamang pag-uugali sa trabaho; at
- Mas mainam kung may TESDA *Driving Certificate*.

Ang mga interesadong aplikante ay dapat ilahad sa kanilang liham ng aplikasyon ang partikular na posisyon at lokasyon na kanilang inaaplayan at mag-*apply* sa pamamagitan ng *link*: https://bit.ly/4I0xtrX o i-*scan* ang *QR Code* bago ang **ika-6 ng Abril, 2025**. Karagdagan, ang mga aplikante ay inaatasang magsumite ng mga sumusunod:

1. Liham ng Aplikasyon na naka-*address* kay **Panrehiyong Patnugot Agnes A. De Leon, CESO IV**;
2. Kumpleto at nanotaryohang *Personal Data Sheet* na may litrato na *passport size* na may pangalan at lagda, at may nakalakip na *Work Experience Sheet*;
3. Kopya ng lisensya bilang *driver*;
4. Katibayan ng karanasan sa pagmamaneho; at
5. Diploma.

**PAKATANDAAN NA TANGING ANG MGA APLIKASYON NA MAY KUMPLETONG DOKUMENTONG ISINUMITE *ONLINE* ANG TATANGGAPIN DAHIL SA AMING *E-RECRUITMENT* NA PROSESO.**

*Tingnan ang link para sa KOMPENSASYON, IBA PANG KWALIPIKASYON, MGA TRABAHO AT RESPONSIBILIDAD, at KINAKAILANGANG DOKUMENTO NG APLIKASYON.*

| Inihanda ni: | Naitala ni: |
|---|---|
| (sgd.)<br>**ALMIRA B. PASCUAL**<br>*ADA IV* | (sgd.)<br>**IVE B. SALUDEZ**<br>Punong Tagapangasiwa ng Administratibo |
| Iminumungkahi ang Pag-apruba: | Inaprubahan ni: |
| (sgd.)<br>**ELPIDIO A. DURWIN, CESO IV**<br>Kawaksing Panrehiyong Patnugot<br>Tagapangulo ng *COS-RREC* | (sgd.)<br>**AGNES A. DE LEON, CESO IV**<br>Panrehiyong Patnugot |